



United States Department of Agriculture

Checklist para sa Pagpapanatili ng Ligtas na Suplay ng Tubig

Ang pagkakaroon ng dekalidad na tubig sa iyong lugar ay isang mahalagang bahagi ng biosecurity. Ang iyong mga manok ay nangangailangan ng malinis, ligtas na tubig na maiinom, at kailangan mo ito upang palamigin ang iyong mga ibon at linisin ang iyong mga pasilidad at kagamitan nang hindi kinokontamina ang mga ito. Ang tubig ay maaaring magdala ng mga ahente ng sakit, kaya ang mga desisyon na iyong gagawin sa kung paano ka kukuha o gamutin ang iyong tubig ay mahalaga upang maprotektahan ang kalusugan ng iyong mga ibon.

✓ Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad!

Numero ng Telepono

Beterinaryo

Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba

Beterinaryo ng Estado/Diagnostic Lab ng Hayop o Manok

USDA

866.536.7593



Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

✓ Checklist: Pagpapangatili ng Ligtas na Suplay ng Tubig

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpaparami na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- Gumamit ng tubig mula sa isang nakapaloob na suplay ng tubig** (balon o munisipal na sistema) para sa pang-inom, evaporative cooling, at paglilinis tuwing posible. Ito ang pinaka-biosecure na mapagkukunan ng tubig para sa mga manok.
- Kung kailangan mong gumamit ng tubig sa ibabaw, i-sanitize muna ito!** Ang mga lawa, sapa, at iba pang tubig sa ibabaw ay maaaring magdala ng mga mikrobyong sanhi ng sakit. Ang pag-sanitize sa tubig ay papatayin ang mga mikrobyo na ito.
- Suriin ang anumang tubig na ginamit sa loob ng iyong mga gusali ng manukan para sa bakteryang.** Ang regular na pagsusuri ay magbibigay sa iyo ng isang pangkalahatang ideya kung gaano kalinis ang iyong sistema ng tubig. Kung ang mga bilang ng bakteryang ay masyadong mataas (higit sa pinakamataas na katanggap-tanggap na antas), malalaman mong kailangan mong i-sanitize ang tubig.
- Kumunsulta sa mga eksperto kapag pumipili ng mga pamamaraan ng paggamot sa tubig.** Ang tamang pamamaraan ay nag-iiba batay sa maraming mga kadahilanan. Halimbawa, kung ang suplay ng tubig ng iyong manukan ay naglalaman ng ilang mga bakuna, kailangan mong gumamit ng paggamot sa tubig na hindi papatayin ang bakuna. Matutulungan ka ng mga eksperto na pumili ng mga paggamot sa tubig na epektibo at hindi makakasama sa iyong kawan o sistema ng tubig.
- Isulat ito.** Isama sa iyong planong biosecurity ang mga hakbang na ginawa upang maibigay ang hindi kontaminadong tubig sa iyong mga ibon. Maaaring kabilang dito ang mga nakasulat na pamamaraan ng kalinisan ng tubig, mga log sheet ng paggamot ng tubig, at gabay para sa mga tagapag-alaga.
- Kung hindi posible ang paggamot sa tubig, isama ang mga alternatibo sa iyong planong biosecurity.** Ipaliwanag kung paano mo isinasalang-alang ang mga panganib ng hindi ginamot na sistema at ang mga hakbang na iyong ginagawa upang mabawasan ang mga panganib.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatiliing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.

